# Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

## Unawain ang SSI: Mga Pag-aari

### Ano ang mga pag-aari?

Ang pag-aari ay pera at mga bagay na iyo at na maaaring gawing salapi. Ang mga halimbawa ng mga pag-aari ay mga ari-arian, stocks, bonds, at mga bank account.

### Bakit mahalaga ang mga pag-aari sa Programa ng SSI?

Upang makakuha ng mga benepisyo sa SSI, ang iyong maisasamang mga pag-aari ay hindi dapat nagkakahalaga ng higit sa $2,000 para sa isang tao, o $3,000 para sa mag-asawa. Ito ay ang tinatawag naming limit sa pag-aari.

Ang maisasamang mga pag-aari ay mga bagay na sa iyo na maisasama sa limit ng pag-aari. Maraming bagay na iyo ang hindi isinasama.

### Ano ang mga bagay na hindi isinasama sa limit ng pag-aari?

Ano mga susunod na bagay ay karaniwang hindi isinasama sa limit ng pag-aari, anuman ang kanilang halaga:

- ang bahay kung saan ka nakatira;
- ang iyong kotse, kung ito'y ginagamit para sa transportasyon para sa iyo o sa isang miyembro ng iyong tahanan;
- mga polisa sa life insurance na iyo at na nagkakahalaga ng $1,500 o mas kaunti bawat tao;
- mga libingan o mga lugar para sa iyo o sa iyong mga kapamilya;
- isang pondo sa panlibing na hanggang $1,500 bawat isa para sa gastos sa panlibing mo at ng iyong asawa;
- mga kasangkapan at mga sariling kagamitan;
- ari-arian na ginagamit mo o ng iyong asawa sa isang trade o negosyo, o sa iyong trabaho kung ikaw ay nagtratrabaho para sa iba; at
- kung ikaw ay may kapansanan o bulag, ang pera o ari-arian na itinabi mo sa ilalim ng isang Plan to Achieve Self–Support (PASS). Tingnan ang SSI Spotlight sa Plans to Achieve Self–Support (PASS) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PASS.

Mayroong ibang mga bagay na pag-aari mo na maaaring hindi ituring na mga pag-aari para sa SSI. Minsan, maaaring makakuha ka ng mga buwanang benepisyo kahit na ikaw ay mayroong mga ari-arian na nagpapalampas sa iyo sa limit ng pag-aari.

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang SSI Spotlight sa Tungkol sa Pagkuha ng mga Benepisyo sa SSI Habang Sinusubukan Mong Ibenta ang mga Sobrang Pag-aari.